Government of Western Australia
Mental Health Commission

## May karapatan ka na:

- tumanggap ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, at masagutan ang iyong mga tanong
- magkaroon ng pagsusuring pisikal matapos ipasok sa ospital
- ma-interbyu ng isang psychiatrist
- magmungkahi ng isang hinirang na tao (tingnan ang polyetong 'Mga Hinirang na Tao')
- kumontak sa mga tao sa pamamagitan ng koreo, telepono o elektroniko, at mabisita (ang karapatang ito ay maaaring limitado sa isang awtorisadong ospital)
- maging pribado at kompidensiyal
- makita ang iyong mga medikal na rekord (maaaring limitado ang karapatang ito)
- maging ligtas ang iyong mga personal na gamit habang ikaw ay nasa ospital
- magkaroon ng karagdagang opinyon mula sa ibang psychiatrist – mahihiling mo sa iyong psychiatrist, o sa Chief Psychiatrist (tel: 9222 4462) na isaayos ito
- makalapit sa Mental Health Advisory Service (tel: 1800 999 057). Isang tagataguyod ng kalusugang pangkaisipan ang awtomatikong kokontak sa iyo sa loob ng 7 araw (24 na oras para sa mga bata) ng iyong pagiging isang di-boluntaryong pasyente
- magreklamo sa iyong mental health service o sa Health and Disability Services Complaints Office (HaDSCO) (tel: 1800 813 583)
- marebyu ang iyong kaso ng Mental Health Tribunal (tel: 08 6145 3900). Magtatakda ng pagdinig ang Mental Health Tribunal sa loob ng 5 linggo (10 araw para sa mga bata) ng iyong pagiging isang di-boluntaryong pasyente.

## Higit pang impormasyon

Ang impormasyon sa polyetong ito ay nauukol sa mga batas na itinakda sa Mental Health Act 2014. Ang impormasyon tungkol sa Act ay nakabuod sa sumusunod na mga polyeto:

- Pagsangguni sa isang psychiatrist para sa isang pagsusuri
- Mga utos-paggamot para sa pasyenteng nasa ospital
- Mga utos-paggamot sa komunidad
- Impormasyon para sa mga boluntaryong pasyente
- Ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan
- Impormasyon para sa mga taong personal na tagasuporta
- Mga hinirang na tao: paano ang paghirang at ano ang kahulugan nito.

Ang iba pang polyeto ay makukuha mula sa:

- The Mental Health Tribunal
- The Mental Health Advocacy Service
- The Mental Health Law Centre.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mental Health Act 2014 at iba pang pagkukunan, bumisita sa website ng Mental Health Commission: www.mhc.wa.gov.au o tumelepono sa (08) 6272 1200.

This document can be made available in other languages and alternative formats on request.

Published by the Mental Health Commission (2015)

# Mga utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital



Ang isang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital (Form 6A o 6B) ay isang utos sa ilalim ng Mental Health Act 2014 para magamot ka bilang isang di-boluntaryong pasyente sa isang ospital.

Ang polyetong ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at kung ano ang maaasahan mo kung ikaw ay nasa isang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital.

## Bakit gumawa ang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital?

Kung ikaw ay nasa isang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital (Form 6A o 6B), ito ay dahil may isang psychiatrist na sumuri sa iyo at nagpasiya na:

- ikaw ay may sakit pangkaisipan na kailangang gamutin,
- may malaking panganib ka sa sarili o sa ibang tao kung hindi ka gagamutin,
- Ikaw ay hindi sapat na magaling upang makapagpasiya tungkol sa paggamot,
- ang paggamot sa komunidad ay hindi magagamit na opsiyon sa ilalim ng mga pangyayari, at
- walang mas hindi mahigpit na paraan ng paggamot sa iyo maliban sa utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital.

## Ano ang kahulugan para sa iyo ng utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital?

Ang isang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital ay nangangahulugan na:

- ipapasok ka sa ospital na binanggit sa utos,
- gagamutin ka para sa iyong sakit pangkaisipan sa ospital na iyon, at
- hindi ka papahintulutang umalis sa ospital hanggang sa matapos ang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital (o maliban kung ikaw ay bigyan ng paliban).

Ang pagkakaiba ng Form 6A sa 6B ay ang uri ng papasukan mong ospital.

Ang Form 6B ay gagamitin lamang kung ang iyong kalusugang pisikal ay nasa malubhang panganib at kailangang nasa isang ospital ka na makagagamot sa iyong pisikal na kondisyon.

## May nasasabi ka ba tungkol sa tatanggapin mong paggamot?

Palaging hihilingin ang iyong pahintulot (pagsang-ayon) bago ka gagamutin. Gayunman, sa iyong pagiging isang di-boluntaryong pasyente, nangangahulugan ito na kung kailangan, magagamot ka nang wala ang pahintulot mo. Isasaalang-alang ng pangkat na gumagamot sa iyo ang iyong mga hangarin kapag nagpapasiya tungkol sa paggamot sa iyo at isasali ka rin sa pagplano ng iyong paggamot, suporta at paglabas ng ospital.

## Papayagan ka bang umalis sa ospital?

Hindi mo kakailanganing manatili sa isang nakakandadong ward, gayunman, hindi ka makakaalis sa ospital nang walang pahintulot. Kung ikaw ay aalis, maaari kang ibalik sa ospital ng isang kawani, opisyal ng sasakyan o pulis.

Maaari mong hilingin sa iyong psychiatrist na makaalis ka sa ospital. Maaaring sumang-ayon ang psychiatrist kung makatutulong ito sa iyong paggaling at ligtas para sa iyo na malayo sa ospital. Tatanungin muna niya ang iyong tagapag-alaga/pamilya. Dapat kang bumalik sa ospital matapos ang iyong pagliban. Kung hindi, ibabalik ka sa ospital ng isang kawani, opisyal ng sasakyan o pulis.

## Hanggang kailan ang itatagal ng isang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital?

Ang utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital ay maaaring tumagal nang hanggang **21 araw** para sa mga nasa edad na o **14 na araw** para sa mga bata (wala pang 18 taong gulang).

Sa huling linggo ng utos, susuriin kang muli ng psychiatrist at magpapasiya kung kailangan itong ipagpatuloy. Maipagpapatuloy ng isang psychiatrist ang utos nang hanggang **3 buwan** para sa mga nasa edad na at **28 araw** para sa mga bata. Maaaring ipagpatuloy ang utos kahit ilang beses kung kailangan hanggang sa ikaw ay sapat nang magaling na hindi na kakailanganin ang di-boluntaryong paggamot sa ospital.

## Paano matatapos ang pag-iral ng utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital?

Kahit anong oras habang ikaw ay nasa ospital, makakapagpasiya ang psychiatrist na:

- hindi mo na kailangang maging isang di-boluntaryong pasyente at maaari kang magpatuloy bilang isang boluntaryong pasyente o kaya ay umalis ka sa ospital, o
- maaari ka nang tumanggap ng paggamot sa komunidad sa ilalim ng isang utos-paggamot sa komunidad.

Ikaw ay palalabasin at papahintulutang umalis kung:

- natapos na ang iyong utos-paggamot sa pasyenteng nasa ospital at hindi ito ipagpapatuloy, o
- nirebyu ng Mental Health Tribunal ang iyong kaso at nagpasiya na hindi mo na kailangang maging isang di-boluntaryong pasyente sa ospital.